Santa Clara County
PUBLIC HEALTH

MANDATORYA NG DIREKTIBA:

NAGPAPATUPAD NG PANGREHIYON NA KAUTUSAN NA MANATILI SA BAHAY NG ESTADO

Inilabas: Disyembre 4, 2020

sccgov.org/coronavirus

County ng Santa Clara
Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040

MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA NA NAGPAPATUPAD NG PANGREHIYON NA KAUTUSAN NA MANATILI SA BAHAY NG ESTADO

Mangyaring kumpirmahin ang pagsunod sa Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estado ng partikular na patnubay para sa ilang mga aktibidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito.

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at sa patnubay ng Estado ay makikita sa covid19.ca.gov.

Inilabas: Disyembre 4, 2020
Epektibo: Disyembre 6, 2020 sa 10:00 p.m.

Dahil sa mga makabuluhang pagtaas sa mga kaso ng COVID-19 at nauugnay na mga na-oospital sa buong Estados Unidos, sa Estado ng California, at sa loob ng Santa Clara County, ang Mahigpit na Ipinapatupad na Direktibang ito ay nagpapatupad ng Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado sa petsa at oras na nagkabisa ang Direktiba at hanggang sa 12:01 am ng Enero 4, 2021, maliban kung tatanggalin, babaguhin, o palalawigin ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ang Direktibang ito.

Noong Disyembre 3, 2020, ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ay nagpalabas ng isang "Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay" na magkakabisa kapag bumagsak sa ilalim ng 15% ang kapasidad ng mga kama sa intensive care unit (ICU) sa isang rehiyon. Dahil sa makabuluhang pagkaantala sa pagitan ng panahon na ang mga tao ay nahawaan ng COVID-19 at panahon na sila ay maaaring kailanganin na maospital, at batay sa lokal na data, kabilang ngunit hindi limitado sa katotohanan na ang kapasidad ng ICU sa Santa Clara County ay nahulog na sa

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

ilalim ng 15% na pamantayan ng Estado, tinukoy ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at iba pang mga Opisyal ng Pangkalusugan sa Bay Area na kinakailangang ipatupad ang Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay sa mas mabilis na panahon kaysa sa pangrehiyon na pamantayan ng Estado.

Itong Direktiba ay mahigpit na ipinapatupad, at ang kabiguan na masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Oktubre 5, 2020 ("Kautusan").

Pangrehiyon na Kautusan na Manatili Sa Bahay ng Estado

1. Pagpapatupad ng Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado.

a. Ang Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado ay may bisa sa Santa Clara County sa petsa at oras na nagkabisa ang Direktibang ito.

b. Ang lahat ng mga tao at entidad na naninirahan o matatagpuan sa County ng Santa Clara ay dapat sumunod sa Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado.

c. Kung mayroong anumang pagsalungat sa pagitan ng anumang probisyon ng Pangrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado, anumang iba pang naaangkop na kautusan ng Estado, o anumang lokal na kautusan o direktiba sa pangkalusugan, ang pinakamahigpit na probisyon ang kokontrol.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa mga madalas na katanungan tungkol sa Direktibang ito at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang pahina ng FAQ. **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update**. Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.